

MODYUL SA PAGSASANAY

# Pagbubuo ng mga Workers' OSH Committee sa mga Kumpanya ng Electronics Sa Gitna ng Pandemya



---

MODYUL SA PAGSASANAY SA  
**PAGBUBUO NG MGA WORKERS' OSH COMMITTEE SA MGA  
KUMpanyA NG ELECTRONICS SA GITNA NG PANDEMYA**

---



*with support from*



**Modyul sa Pagsasanay sa Pagbubuo ng  
mga Workers' OSH Committee  
sa mga Kumpanya ng Electronics  
Sa Gitna ng Pandemya**

Metal Workers Alliance of the Philippines (MWAP)  
Institute for Occupational Health Safety and Development (IOHSAD)

© 2021

Metal Workers Alliance of the Philippines  
Quezon City, Philippines

---

*Ginawa ang publikasyong ito  
sa suporta ng Good Electronics*

# NILALAMAN

|  |    |
|--|----|
| Paunang Salita .....   | i  |
| <b>Sesyon 1.</b> Pag-unawa sa OSH at karapatan ng manggagawa sa sektor ng electronics sa gitna ng pandemyang Covid-19.....                             | 1  |
| <b>Sesyon 2.</b> Pag-unawa sa occupational hazard (panganib sa trabaho) at Covid-19 bilang occupational disease (sakit na buhat sa pagtatrabaho) ..... | 10 |
| <b>Sesyon 3.</b> Ano ang Workers’ OSH Committee? .....   | 16 |
| <b>Sesyon 4.</b> Pagtatatag ng mga workers’ OSH Committee sa mga lugar-paggawang may unyon.....  | 22 |
| <b>Sesyon 5.</b> Pagbubuo ng workers’ OSH Committee sa mga lugar-paggawang walang unyons.....  | 26 |
| <b>Sesyon 6.</b> Mga tungkulin at responsibilidad ng workers’ OSH Committee sa mga kumpanya ng electronics sa gitna ng pandemyang Covid-19 .....       | 32 |
| <b>Sesyon 7.</b> Pagpapalano para sa mas epektibong workers’ OSH Committee .....   | 48 |
| Sanggunian .....   | 52 |

# LISTAHAN NG HAND-OUTS

|               |  |    |
|---------------|--|----|
| Hand-out 1.1  | Workers' Right to OSH as Enshrined in International Conventions and Philippine Laws  | 4  |
| Hand-out 1.2  | Covid-19 Infection Among Workers in the Philippines  | 5  |
| Hand-out 2.1  | Hierarchy of Controls  | 12 |
| Hand-out 2.2  | Covid-19 Basics  | 13 |
| Hand-out 3.1. | Differences Between Workers' OSH Committee and Mandated OSH Committee  | 18 |
| Hand-out 3.2  | RA 11058 or the Occupational Safety and Health (OSH) Law   | 20 |
| Hand-out 4.1. | How to set up a Workers' OSH Committees in<br>an Electronics Company that Has a Union  | 23 |
| Hand-out 4.2. | Description of Workers' OSH Committee Officers   | 24 |
| Hand-out 5.1. | Building OSH Committees in Non-Unionized Factories   | 27 |
| Hand-out 6.1. | Summary of Roles and Responsibilities of Workers OSH Committee<br>with Sample Goals, Activities, Stakeholders, Timeline or Frequency | 34 |
| Hand-out 6.2. | List of webinars and trainings that may be Conducted by Workers OSH Committee  | 36 |
| Hand-out 6.3. | Sample Worker Covid-19 Complaint Form  | 37 |
| Hand-out 6.4. | Guide to Contact Tracing   | 38 |
| Hand-out 6.5. | List of Policies Related to Covid-19 in the Workplace  | 43 |
| Hand-out 7.1. | Template Planning Chart of A Workers' OSH Committee  | 47 |
| Hand-out 7.2  | Making the Workers' OSH Committee Effective: Some Tips   | 48 |

# PAUNANG SALITA

---

Ibayong pinasidhi ng pandemyang Covid-19 ang bulnerabilidad ng mga manggagawa sa mga problema sa kalusugan at kaligtasan sa mga lugar-paggawa. Naging mga high-risk transmission sites ng nakamamatay na Covid-19 ang mga lugar-paggawa sa Pilipinas. May mataas na risk ang mga manggagawang mahawaan ng Covid-19 bunsod ng mga kulob (enclosed) na working environment at ng mababang temperatura sa loob ng mga electronics factory. Sa kabila ng mga guidelines ng gobyerno at kumpanya upang pigilan at kontrolin ang transmission ng Covid-19 sa pagawaan, nananatiling may mga ulat ng mga cluster, kung di man outbreak ng mga kaso ng Covid-19. Sa kabila rin ng pagpasa ng Occupational Safety and Health (OSH) Law noong 2018, maraming manggagawa pa rin ang nananatiling hindi pamilyar sa mga OSH guideline at standard na nakapaloob dito. Isa na rito ang tungkuling buuin ang mga OSH committee na mayroong halal o itinalaga ng unyon na kinatawan ng manggagawa.

Napapanahon at makabuluhan ang pagbubuo ng mga OSH committee na pinamumunuan ng mga manggagawa. Sa pamamagitan ng mekanismong ito, mas nagiging proactive ang papel ng manggagawa sa pagtuwang sa pag-iwas at pagkontrol sa Covid-19 sa mga lugar-paggawa. Hamon din ito sa nakasanayang pagsalalay sa mga hakbang ng kumpanya at gobyerno sa usaping OSH, habang inilalagay ang mga manggagawa sa pangunguna ng pagtitiyak ng responsibilidad at pananagutan. Mas mapapagaan din ang mga gawain ng unyon kaugnay sa mga usaping OSH kung may nakatayong mga workers' OSH committee na mag-aasikaso ng mga ito lalo na sa gitna ng pandemya. Sa ganitong kalagayan, mas makakapokus sa iba pang usaping pang-manggagawa ang pamunuan ng unyon.

## **PAANO GAGAMITIN ANG MODYUL NA ITO**

Nilalayan ng modyul-pagsasanay na ito na bigyan ng kasanayan ang mga manggagawa, unyon at aktibista sa paggawa na buuin ang kanilang kapasidad na magtayo ng mga workers' OSH committee na pinamumunuan ng manggagawa sa mga kumpanya ng electronics, unyonisado man o hindi. Bagamat ang modyul ay pangunahing isinulat para sa mga manggagawa sa electronics companies, marami sa mga prinsipyo at hakbang na nabanggit dito ay mailalapat din sa ibang industriya. Layunin ding gawing kapaki-pakinabang at madaling maunawaan ang modyul at mga handout na ito sa mga manggagawang nagnanais matuto kung paano magbuo ng workers' OSH committee sa mga lugar-paggawa.

Nahahati ang modyul sa pitong sesyon batay sa iba't ibang paksa katulad ng:

- Pag-unawa sa OSH at karapatan ng manggagawa sa sektor ng electronics sa gitna ng pandemyang Covid-19
- Pag-unawa sa occupational hazard (panganib sa trabaho) at Covid-19 bilang occupational disease (sakit na buhat sa pagtatrabaho)
- Ano ang workers' OSH Committee?
- Pagtatatag ng mga workers' OSH Committee sa mga lugar-paggawang may unyon
- Pagbubuo ng workers' OSH Committee sa mga lugar-paggawang walang unyon
- Mga tungkulin at responsibilidad ng workers' OSH Committee sa mga kumpanya ng electronics sa gitna ng pandemyang Covid-19
- Pagpapalano para sa mas epektibong workers' OSH Committee

Ayon sa isang lohikal na pagkakasunod-sunod ang mga sesyon sa modyul. Gayunman, maaaring tumindig nang mag-isa at talakayin hiwa-hiwalay ng mga manggagawa ang bawat sesyon.

Nilalaman ng bawat sesyon ang mga layunin, kinakailangang materyales, tantyang oras na kailangan para matapos ang paksa, at mga susing tanong. Naglatag din ng mga mungkahing aktibidad para tiyaking interactive ang bawat sesyon.

Bawat sesyon ay may seksyong naglalaman ng mga pangunahing punto sa talakayang maaaring ibahagi at diinan ng tagapagpadaloy. Maaari ring gawing reference materials ng tagapagpadaloy at ng mga mag-aaral ang mga handout para paunlarin pang lalo ang talakayan. Maaari ring gamitin ng tagapagpadaloy ang mga dagdag na reference at link na matatagpuan sa dulo ng bawat sesyon.

Mayroon ding isang sesyong naglalaman ng paksa tungkol sa SMART planning na may layuning makabuo sa bawat pagsasanay ng isang practical output na madadala ng mga dumalo pabalik sa lugar-trabaho na maaaring niyang talakayin kasama ng unyon o mga kapwa-manggagawa. Inaasahang bibigyang-daan din nito ang pagtatatag (o pagpapaunlad) ng workers' OSH Committee sa kanilang lugar-paggawa.



## PAG-UNAWA SA OSH AT KARAPATAN NG MANGGAGAWA SA SEKTOR NG ELECTRONICS SA GITNA NG PANDEMYANG COVID-19

### MGA LAYUNIN

- Unawain ang occupational safety and health (kaligtasan at kalusugan sa trabaho) bilang integral na karapatan sa pagkakamit ng disenteng trabaho
- Tukuyin at unawin ang mga usaping OSH sa sektor ng electronics sa gitna ng pandemya
- Unawain kung paano naapektuhan ng pandemya ang karapatan sa OSH ng mga manggagawa

### ORAS

60 minuto

### KAILANGANG MATERIALES

colored markers  
laptop, projector or smart TV  
flash cards  
flipcharts

### MGA SUSING TANONG

- Ano ang occupational safety and health?
- Ano ang kasalukuyang mga pamantayan (standard) (domestic at international) na nagtitiyak sa OSH bilang karapatang manggagawa at integral sa disenteng trabaho?
- Ano ang mga karaniwang problema sa OSH na kinakaharap ng mga manggagawa sa industriya ng electronics?
- Paano naapektuhan ng pandemyang Covid-19 ang karapatan sa OSH ng mga manggagawa sa electronics sector?

## **MUNGKAHING AKTIBIDAD**

Group Activity: Tanungin ang mga manggagawa kung ano ang pagkaunawa nila sa occupational safety and health

Group Activity : Ipatukoy sa mga manggagawa kung paano naapektuhan ng pandemya ang kalusugan at kaligtasan sa kanilang mga lugar-paggawa

## **PANGUNAHING PUNTO SA DISKUSYON**

- Saklaw ng Occupational Safety and Health (OSH) ang lahat ng aspeto ng kalusugan at kaligtasan sa lugar-paggawa at pangunahing nagbibigay diin sa pag-iwas sa mga panganib. Nangangahulugan ito ng pagtataguyod ng mga tuntunin at pamantayan para maiwasan ang mga sakit, pinsala, panganib at risiko sa kalusugan at kaligtasan sa lugar-paggawa.
- Integral o di matatanggal na bahagi ng karapatang manggagawa at karapatang tao ang OSH, at kinakailangan ito upang makamit ang disentang trabaho. Matagal na itong kinikilala bilang batayang karapatang pantao ng International Labor Organization at ng United Nations. Iba't ibang kumbensyon at rekomendasyon, tulad ng ILO Occupational Safety and Convention No. 155 at ILO Promotional Framework for Occupational Safety and Health Convention No. 187 ang nariryan simula pa noong 1981 para pagtibayin at itaguyod ang OSH sa buong daigdig.
- Isinabatas sa Pilipinas noong Agosto 2018 ang Republic Act 11058 o ang OSH Law. Inilabas rin sa parehong taon ang Department Order 198 o Implementing Rules and Regulations ng batas na ito. Nakasaad sa OSH Law ang mahahalagang karapatan tulad ng (a) right to know , (b) right to personal protective equipment, (c) right to refuse unsafe work at (d) right to report accidents. Sa kabila ng pagpasa sa OSH

- Law, hindi pa rin ipinagtitibay ng Pilipinas ang ILO Convention No. 155. Hindi pa rin maaaring panagutin ng International Labor Organization ang gobyerno ng Pilipinas sa hindi pagsunod o non-compliance.
- Bago pa man pandemya, kumakaharap na ng iba't ibang usapin at panganib sa OSH ang mga manggagawang Pilipino. Taun-taon, nagtatala ng mga work-related injury, pagkakasakit at kamatayan sa mga lugar-paggawa. Mababa rin sa pangkalahatan ang kaalaman sa umiiral na mga guideline at pamantayan sa OSH. Sa kabila ng pagpasa ng OSH Law noong 2018, madalang at kalat-kalat ang mga inspeksyon sa lugar-paggawa. Nasa 1 porsyento lamang ng halos 1 milyong establisimiyento sa bansa ang sinaklaw nito. [1]. Mas mababang bilang pa ng establisimiyento ang mayroong company-led OSH committee na may limitadong papel sa pagtitiyak ng kaligtasan at kalusugan ng mga manggagawa.
  - Mas naging malinaw ang bulnerabilidad sa usaping OSH nang tumama ang Covid-19 sa mga lugar-paggawa noong unang kwarto ng 2020. Naging high-risk transmission sites ng nakamamatay na Covid-19 ang mga lugar-paggawa sa Pilipinas. Kapansin-pansing mataas ang konsentrasyon ng mga kaso ng Covid-19 sa mga rehiyon kung saan mataas din ang konsentrasyon ng mga manggagawa (National Capital Region, CALABARZON, Central Luzon and Central Visayas).
  - Kahit nag-uulat ang mga labor organization ng mga factory shutdown dahil sa outbreak ng Covid-19, hindi ito umaabot sa mga balita. Nag-uulat din ang mga manggagawa ng daan-daang kumpirmadong kaso ng Covid-19 sa mga pabrika ng electronics.

- Hindi lamang OSH kundi iba pang mahahalagang karapatan ng mga manggagawa sa electronics sector ang naapektuhan ng Covid-19. Sa pandaigdigang antas, nakaranas ang mga manggagawa sa electronics ng iba't ibang isyu kaugnay ng kalusugan at kaligtasan, kabuhayan at karapatan sa paggawa. Ayon sa Business and Human Rights Resource Center, naranasan ng mga manggagawa sa electronics sa iba't ibang dako ng daigdig ang mga sumusunod:
  - pagbawas sa oras ng paggawa at sahod, kawalan ng severance pay, at kawalang kakayahang pangangailangan
  - restriksyon sa paggalaw o kawalang kakayahang makauwi sa kanilang mga probinsya pagkatapos ng kanilang internship o kontrata sa trabaho
- pagsuspende sa mga collective bargaining agreement at kanselasyon ng pagtaas ng sahod
- iba pang panganib at risgo sa kalusugan at kaligtasan (kawalan ng protective equipment, kawalan ng social distancing, pwersahang paglipat ng trabaho sa kabila ng mga banta at mababang bayad

## HAND-OUT 1.1. KARAPATAN NG MANGGAGAWA SA OSH NA NAKASAAD SA MGA INTERNATIONAL CONVENTION AT BATAS NG PILIPINAS

Malaon nang kinikilala ang Occupational Safety and Health (OSH) bilang isang batayang karapatan. Mula 1919, tinukoy na bilang kondisyon sa pagkamit ng hustisyang panlipunan ang proteksyon ng mga manggagawa laban sa karamdaman, sakit at mga pinsala na nakukuha sa trabaho.

Mula 1948, kinilala na ng Universal Declaration on Human Rights na ang “lahat ay may karapatang mabuhay, magtrabaho, pumili ng trabaho, sa makatarungan at paborableng kondisyon sa paggawa at proteksyon laban sa kawalan ng trabaho.” Sa katotohanan, marami nang kumbensyon at rekomendasyon, tulad ng Occupational Safety and Health Convention No. 155 and the Promotional Framework for Occupational Safety and Health Convention No. 187 ang nariryan upang itaguyod at pagtibayin ang OSH sa buong daigdig. Ipinanawagan ng 2008 Seoul Declaration on Safety and Health at Work na gampanan ng

mga gobyerno at internasyunal na organisasyon ang kanilang tungkulin sa pagtataguyod ng OSH. Kinilala ng United Nations ang kahalagahan ng OSH sa pamamagitan ng pagdaragdag nito sa itinakdang 169 na target para sa sustainable development goals hanggang 2030. Sa kabila ng lahat ng ito, hindi pa rin napigilan ang 7500 na kamatayan araw-araw sa mga lugar-paggawa, na naitala noong 2017.

Sa Pilipinas, matapos ng maraming taon ng pagtutulak ng batas para sa OSH, naisabatas ang Republic Act 11058 or the OSH Law noong 2018. Inilabas rin sa parehong taon ang Department Order 198 o ang implementing rules and regulations ng batas na ito. Kabahagi sa OSH Law ang mahahalagang karapatan tulad ng (a) right to know , (b) right to personal protective equipment, (c) right to refuse unsafe work at (d) right to report accidents.

Sa kabila ng pagpasa sa OSH Law, hindi pa rin ipinagtitibay ng Pilipinas ang ILO Convention No. 155. Hindi pa rin maaaring panagutin ng

International Labor Organization ang gobyerno ng Pilipinas sa hindi pagsunod o non-compliance.

## HAND-OUT 1.2. IMPEKSYON NG COVID-19 SA MGA MANGGAGAWA SA PILIPINAS

Batay sa konserbatibong datos ng Department of Labor and Employment (DOLE), 33,128 na manggagawa sa 5,852 establisimyento ang nagpositibo sa Covid-19 mula Enero hanggang Agosto 2021 [2]. Nangangahulugan ito ng average ng 137 manggagawa na nahahawa kada araw. Sa buong bilang, 18.85% o 6,580 na manggagawa ang kabilang sa manufacturing sector, habang 10%

naman ang nasa financial at insurance activities sector. Nangunguna sa mga sektor ang “other services activities” na nasa 19.86% ng kabuuang mga kaso. Pinatitingkad nito ang bulnerabilidad ng mga manggagawa sa front-end services na nanatiling partially operational sa malaking bahagi ng quarantine period.

Table A. COVID-19 infection among workers by sector, January to August 2021

|  | Number of Establishments with Workers Confirmed with COVID-19 | Number of Workers with Confirmed COVID-19 | Percent share to total |
|--|---|---|------------------------|
| ALL INDUSTRY   | 5852  | 33128                                     | --                     |
| Other service activities   | 1393  | 6580                                      | 19.86                  |
| Manufacturing  | 1129  | 6246                                      | 18.85                  |
| Wholesale and retail trade; Repair of motor vehicles and motorcycles | 538   | 1264                                      | 3.82                   |
| Financial and insurance activities                                   | 420   | 3318                                      | 10.02                  |

|   | <b>Number of Establishments with Workers Confirmed with COVID-19</b> | <b>Number of Workers with Confirmed COVID-19</b> | <b>Percent share to total</b> |
|---|--|--|-------------------------------|
| Information and communication                       | 396  | 1985   | 5.99                          |
| Construction  | 346  | 1719   | 5.19                          |
| Electricity, Gas, Steam and Air Conditioning Supply | 323  | 1543   | 4.66                          |
| Accommodation and Food Service Activities           | 292  | 2950   | 8.9                           |
| Human Health and Social Work Activities             | 266  | 2401   | 7.25                          |
| Transportation and Storage                          | 191  | 701  | 2.12                          |

Kung sa mga rehiyon, malaking tipak ng mga naitalang kaso ng Covid-19 sa mga manggagawa ay konsentrado sa National Capital Region na may 60% ng kabuuang 33,128 kaso nitong August 2021, kasunod ang Region IV-A (12.77%) and Region III (10.84%). Ang tatlong rehiyong ito ay may matataas na konsentrasyon ng mga manggagawa, kung saan matatagpuan din ang karamihan ng mga special economic zone (SEZs) sa bansa.

Table B. COVID-19 infection among workers by regional breakdown, January to August 2021

|              | Number of Establishments with Workers Confirmed with COVID-19 | Number of Workers with Confirmed COVID-19 | Percent share to total |
|--------------|---|---|------------------------|
| ALL INDUSTRY | 5852  | 33128                                     | --                     |
| NCR          | 2955  | 19884                                     | 60.02                  |
| CAR          | 31  | 132                                       | 0.4                    |
| Region I     | 88  | 315                                       | 0.95                   |
| Region II    | 72  | 174                                       | 0.53                   |
| Region III   | 806   | 3592                                      | 10.84                  |
| Region IV-A  | 958   | 4232                                      | 12.77                  |
| Region IV-B  | 57  | 378                                       | 1.14                   |
| Region V     | 40  | 258                                       | 0.78                   |
| Region VI    | 214   | 1053                                      | 3.18                   |
| Region VII   | 331   | 1630                                      | 4.92                   |
| Region VIII  | 13  | 33  | 0.1                    |
| Region IX    | 26  | 205                                       | 0.62                   |
| Region X     | 102   | 461                                       | 1.39                   |
| Region XI    | 53  | 242                                       | 0.73                   |
| Region XII   | 82  | 386                                       | 1.17                   |
| CARAGA       | 24  | 153                                       | 0.46                   |

Mayorya ng mga kaso ng Covid-19 sa bansa ay mula sa working age population o edad ng mga nagtatrabaho. Ipinapakita nitong parami nang paraming manggagawa ang nae-expose at nahahawa sa kinatatakutang virus.



## DAGDAG NA SANGGUNIAN

- A copy of the OSH Law or Republic Act 11058 can be found here, url: [http://legacy.senate.gov.ph/republic\\_acts/ra%2011058.pdf](http://legacy.senate.gov.ph/republic_acts/ra%2011058.pdf) and its Implementing Rules and Regulations of RA 11058 or Department Order 198-18 is available here: url: [https://bwc.dole.gov.ph/images/Issuances/DepartmentOrder/DO198\\_18\\_IRR\\_of\\_RA\\_11058\\_\\_AnACtStrengtheningCompliancewithOSHSandProvidingPenaltiesForViolationsThereof.pdf](https://bwc.dole.gov.ph/images/Issuances/DepartmentOrder/DO198_18_IRR_of_RA_11058__AnACtStrengtheningCompliancewithOSHSandProvidingPenaltiesForViolationsThereof.pdf)
- IndustriALL explains in this primer the workers' right to refuse unsafe work, url: [http://admin.industrialunion.org/sites/default/files/uploads/documents/Covid-19/right\\_to\\_refuse\\_eng.pdf](http://admin.industrialunion.org/sites/default/files/uploads/documents/Covid-19/right_to_refuse_eng.pdf)
- The ILO Decent Work and the 2030 Agenda for Sustainable Development can be found here: [https://www.ilo.org/wcmsp5/groups/public/--europe/--ro-geneva/--ilo-lisbon/documents/event/wcms\\_667247.pdf](https://www.ilo.org/wcmsp5/groups/public/--europe/--ro-geneva/--ilo-lisbon/documents/event/wcms_667247.pdf)
- Mayday Multimedia Video produced a video for the International Workers' Memorial Day during the pandemic. Watch it here: <https://www.facebook.com/maydaymultimediaPH/videos/2014197442064368>

## **PAG-UNAWA SA OCCUPATIONAL HAZARD (PANGANIB SA TRABAHO) AT COVID-19 BILANG OCCUPATIONAL DISEASE (SAKIT SA TRABAHO)**

### **MGA LAYUNIN**

- Unawain ang konsepto ng occupational hazard and risk (panganib at risiko sa trabaho)
- Unawain kung paano iniwasan at kinontrol ang mga panganib sa lugar-paggawa
- Unawain ang novel coronavirus bilang occupational hazard (panganib sa trabaho) at ang Covid-19 bilang occupational disease (sakit sa trabaho)

### **ORAS**

60 minuto

### **KAILANGANG MATERIALES:**

colored markers  
adhesive and colored notepads or sticky notes  
laptop, projector or smart TV  
flipcharts  
flashcards

### **MGA SUSING TANONG**

- Ano ang panganib? Ano ang risiko?
- Paano natin pinakikitunguhan ang mga panganib sa lugar-paggawa?
- Bakit itinuturing na occupational hazard (panganib sa trabaho) ang novel coronavirus? Bakit mas mataas ang risiko na mahawaan nito ang mga manggagawa sa trabaho?

- Ano ang dapat nating malaman tungkol sa Covid-19? Paano ito naipapasa-pasa? Bakit ito itinuturing na occupational disease (sakit sa trabaho)? May mga partikularidad ba sa pabrika ng electronics?
- Paano natin kokontrolin at iiwasan ang Covid-19?

### **MUNGKAHING AKTIBIDAD**

- Gamit ang dalawang set ng flipchart, magsulat o magdikit ang mga kalahok ng matutukoy nilang mga panganib at risgo sa loob ng lugar-paggawa
- Myth busting: Gamit ang mga flashcard, magtanong sa mga kalahok kung TAMA o MALI ba ang mga impormasyon tungkol sa Covid-19

### **PANGUNAHING PUNTO SA TALAKAYAN**

- Sa wikang OSH, ang hazard (panganib) ay isang bagay na maaaring magdulot ng kapahamakan at ang risk (risgo) ay tsansa - mataas man o mababa - kung paanong makapapahamak ang isang hazard sa isang tao. Sa bawat lugar paggawa, may mga hazard at risk sa kaligtasan at kalusugan ng mga manggagawa. Halimbawa,

maaaring hazard sa lugar-paggawa ang hindi maayos na naisalansang mga paleta, langis sa sahig, mahahabang kable sa opisina at ang paggamit ng hindi ligtas na mga kemikal sa manufacturing procedure. Tinutukoy namang risk ang tsansa na dumulo ang mga hazard sa sakit, pinsala o kamatayan.


- May tinatawag na “hierarchy of controls” na naglalarawan ng iba’t ibang paraan ng pakikitungo sa mga hazard sa lugar-paggawa at itinutumbas sa epektibidad nito. Ang hierarchy of controls ay madaling maisalarawan sa isang baligtad na pyramid (inverted pyramid) kung saan ang pamamaraan sa tuktok ay itinuturing na pinakaepektibo sa pagkontrol ng mga hazard sa lugar-paggawa. Maaaring mag-iba ang pamamaraan ng pagkontrol sa isang partikular na hazard batay sa kalagayan at rekursong mayroon.
- Itinuturing na occupational hazard ang novel coronavirus dahil naka-expose dito ang mga manggagawa tuwing sila’y lalabas ng bahay

- at sa buong panahong nasa trabaho. Ang risk ng impeksyon ng manggagawa ay tumataas dahil 1) mayroong community transmission ng Covid-19; 2) madalas ma-expose ang mga manggagawa sa publiko (byahe mula o papunta sa trabaho) o sa iba pang manggagawa sa mga pabrika na hindi pa ganap na natatapos ang presensya ng Covid-19 virus; 3) kulob (enclosed) na mga espasyo at mababa ang temperatura ng mga pabrika ng electronics kung saan nakapapamahay at nakapapanatili ang virus sa loob ng maraming oras.
- Ang Covid-19 ay ang sakit na resulta ng impeksyon ng novel coronavirus. Naipapasa ang Covid-19 pangunahin ng contact ng tao sa tao sa pamamagitan ng respiratory droplets. Ilan sa mga karaniwang sintomas ng Covid-19 ang lagnat (hindi laging mataas), tuyong ubo (dry cough), pagkahapo o fatigue, kapos sa paghinga o kahirapang huminga.
  - Mahalagang maunawaang buo ng mga manggagawa kung paano naipapasa ang Covid-19 mula sa isang tao tungo sa isa pa. Ang pagpapasa o transmisyon ay kadalasang nangyayari sa indoor, mataong mga lugar, at iyong hindi maayos ang bentilasyon, kung saan nananatili nang matagal ang mga taong nahawaan ng Covid-19 kasama ang iba pa. Sinasabi nitong mas nakakahawa ang Covid-19 sa matatao, kulob na mga indoor space kung saan mababa o walang bentilasyon.
  - Noong Abril 2021, nag-isyu ang Employees Compensation Commission (ECC) ng resolusyong kumikilala sa Covid-19 bilang occupational disease (sakit sa trabaho). Ibig sabihin, ang pagkakasakit ng Covid-19 ay maaaring ituring na kaugnay sa pagtatrabaho. Bilang resulta, may karapatan ang mga manggagawang nagkasakit ng Covid-19 na tumanggap ng kompensasyon kung mapatunayang work-related ang kanilang pagkakasakit ng Covid-19.

## HANDOUT 2.1 HIERARCHY OF CONTROLS

Ang ideya sa likod ng hierarchy ay may potensyal na mas maging epektibo at maagap ang mga pamamaraan ng pagkontrol na nasa tuktok kaysa sa mga nasa ibaba. Halimbawa, ang pagtatanggal ng panganib (elimination) ng pagkakasakit ng Covid-19 ay maaaring mangahulugan ng transisyon papunta sa remote work o work-from-home arrangement. Sa engineering control, maaaring gawin ang pagsasaayos

ng bentilasyon at paglalagay ng physical barrier upang bawasan ang tsansang kumalat ang Covid-19 sa lugar-paggawa. Responsibilidad ng mga employer na bigyan nang libreng personal protective equipment (PPE) tulad ng mga disposable gown at face mask ang mga manggagawa. Katambal ng mga control strategy na ito ang regular, maayos at sistematikong contact tracing at screening sa mga lugar-paggawa.



## HANDOUT 2.2 COVID-19 BASICS\*

### Transmisyon o Pagpapasa-pasa

Pangunahing naipapasa ang virus sa pamamagitan ng respiratory DROPLETS kung nagsasalita, umuubo o bumabahing ang isang may sakit.

Maaari ring maipasa sa pamamagitan ng FOMITES na maaaring pumasok sa bibig, mata at ilong ng mga tao at mga surface hanggang isang (1) metrong layo, at makapanatili hanggang tatlong (3) araw depende sa materyal.

Kamakailan, idinagdag ng World Health Organization ang AIRBORNE transmission via micro-droplet suspension bilang isang moda ng transmisyon ng Covid-19.

Ipinakikita ng pag-aaral na posible ang airborne transmission sa mga healthcare setting, sa

aerosol-generating procedure (i.e. nebulization, cardiopulmonary resuscitation, endotracheal intubation, suctioning of secretions, etc.), at sa maliliit, sarado at kulob na espasyo na mababa o walang bentilasyon.

### Sintomas at Incubation

Maaring magtagal ng 14 araw mula impeksyon bago lumabas ang mga sintomas. Pinakakaraniwang sintomas ang mga sumusunod:

- Lagnat (hindi laging mataas na lagnat)
- Tuyong ubo
- Pagkahapo o fatigue
- Kapos o kahirapan sa paghinga

Maaari ring maranasan ng mga pasyente ang mga di-ispesipikong sintomas gaya ng masakit na lalamunan, baradong ilong, sakit sa ulo, pagtatae, pagduduwal at pagsusuka, at kawalan ng pang-amoy (anosmia) o kawalan ng panlasa (ageusia) bago maramdaman ang mga respiratory symptom.

\*Workplace Handbook on COVID-19 Management and Prevention

## **DAGDAG NA SANGGUNIAN**

- Additional information on the definition of hazard and risk can be found in this article by the ILO [https://www.ilo.org/wcmsp5/groups/public/---americas/---ro-lima/---sro-port\\_of\\_spain/documents/presentation/wcms\\_250189.pdf](https://www.ilo.org/wcmsp5/groups/public/---americas/---ro-lima/---sro-port_of_spain/documents/presentation/wcms_250189.pdf)
- A short video Covid-19 in the workplace, watch here; <https://www.youtube.com/watch?v=8dlUqIMdKR4>
- The IOHSAD submitted a proposal to the ECC on pertinent recommendations for an inclusive and speedy access to Covid-19 benefits/ compensation of workers. See here: <https://drive.google.com/file/d/1zssHylpcm8LgnRs9gLDSBY13Ctkigzn0/view?usp=sharing>

## ANO ANG WORKERS' OSH COMMITTEES?

### MGA LAYUNIN

- Balikan ang mga pundasyon ng demokratikong partisipasyon sa pamamagitan ng mga komite ng manggagawa
- Pag-ibahin ang workers' at company OSH committee
- Unawain kung bakit kailangang pamunuan ng mga manggagawa ang kanilang sariling OSH committee
- 

### ORAS

45 minuto

### KAILANGANG MATERIALES

markers  
post-its / flipcharts  
printed hand-outs

### MGA SUSING TANONG

- Bakit mahalagang magtulungan ang mga manggagawa sa pamamagitan ng mga komite? Paano nito pinapanday ang demokratikong partisipasyon sa hanay ng mga kasapi?
- Ano ang workers' OSH committee? Paano ito naiiba sa company OSH committee?
- Bakit mahalaga sa mga manggagawa na pamunuan at buuin ang kanilang sariling mga OSH committee sa gitna ng pandemya?



## **MUNGKAHING AKTIBIDAD**

- Group discussion: Itanong sa mga manggagawa kung ano ang kanilang pagkakaalam sa mga komite at kung bakit mahalaga ang mga ito?
- Group sharing: Itanong sa mga kalahok kung mayroong nakatayong OSH committee sa kanilang lugar-paggawa tulad ng nakasaad sa OSH Law. Ibahagi rin kung ano ang naging papel ng komite sa panahon ng pandemya.

## **PANGUNAHING PUNTO SA TALAKAYAN**

- Mas makapangyarihan ang mga manggagawa kapag sila’y sama-sama at tulung-tulong. Kung mag-isang kinakaharap ng indibidwal ang kanyang problema, napakahina niya lalo na sa harap ng kanyang employer. Sa pagsasama-sama, sa minimum ay nakakakuha ng suporta mula sa isa’t isa ang mga manggagawa sa mga isyung kinakaharap nila sa lugar-paggawa. Sa ilang mga kumpanya, mayroong unyon ang mga manggagawa. Ngunit sa Pilipinas,

ilang porsyento lamang ng mga manggagawa ang organisado sa unyon. Unyonisado man o hindi, maaaring magbuo ng mga komite ang manggagawa. Sa pamamagitan ng mga komite, nasasanay ang mga manggagawa sa demokratikong partisipasyon at kolektibong pagpapasya. Sa mga komite, naghahati ang mga manggagawa sa responsibilidad at pananagutan, nang hindi inaaasa ang lahat sa iisang indibidwal o lider.

- Nakasaad sa OSH Law o RA 11058 ang pagbuo ng OSH Committee kung saan may mga kinatawan ng employer at kinatawan ng mga manggagawa, na maaaring italaga ng unyon o ihalal ng mga manggagawa, kung walang unyon.
- Kaiba ang workers’ OSH committee sa company OSH committee na nakasaad sa OSH Law. Pinapangunahan ito, binubuo at pinapumunuan mismo ng mga manggagawa. Gumagana ito nang hiwalay at malaya mula sa OSH committee

- na itinayo ng kumpanyang nakasaad sa OSH Law. Maaari nitong makatuwang ang company OSH committee at maaari ring maging kasapi nito ang kinatawan ng manggagawa sa company OSH committee. Bukas sa lahat ng mga manggagawa, anuman ang employment status, ang workers' OSH committee.
- Tinatanaw ang workers' OSH committee na makapagbigay ng plataporma sa mga manggagawa na maging maagap (proactive) sa pagbabalangkas, pag-update at pagrerekomenda ng mga OSH guideline, lalo na sa panahon ng public health emergency. Layunin nitong kumuha ng pagtingin at buuin ang mga rekomendasyon mula mismo sa manggagawa, kung paano mapoprotektahan ang isa't isa mula sa mga panganib at sakit sa trabaho. Sa kaso ng pagkakasakit ng, o pinsala sa mga manggagawa, maaari itong gumanang kaalinsabay ng umiiral na company OSH committee sa pagbubuo ng mga ulat at rekomendasyon sa kumpanya at mga kinauukulang ahensya ng gobyerno.
  - Sa konteksto ng pandemyang Covid-19, maaaring magpasimula ng kinakailangang mga hakbang ang workers' OSH committee at magtulak ng pakikipagtulungan sa management upang agapan ang pagkalat ng impeksyon sa lugar-paggawa, tiyakin ang angkop na mga health protocol, maglunsad ng mga talakayan tungkol sa mga kaukulang circular na inilabas ng Department of Labor and Employment, at iba pa.

## HAND-OUT 3.1. MGA SUSING PAGKAKAIBA NG WORKERS' OSH COMMITTEE AT NG COMPANY OSH COMMITTEE

Kung sa company OSH committee, hanggang dalawang manggagawa lamang ang pwedeng kinatawan, minimum ng limang manggagawa naman ang bubuo sa workers' OSH committee. Inaasahang maparami pa ang bilang ng mga kasapi ng workers' OSH committee para matiyak na sa minimum ay may tatlong (3) kinatawan ang bawat departamento at bawat shift. Mainam ding may haluan ng mga bago at dating manggagawa ang binubuong workers' OSH committee para matiyak na nagtutulungan at nagpapalitan ng iba't ibang karanasan ang mga kasapi nito. Lahat ng manggagawa, regular man o kontraktwal, ay maaaring sumali sa workers' OSH committee basta't naninindigan sa karapatan ng mga manggagawa sa ligtas at malusog na lugar-paggawa.

Sa minimum, magbibigay ang workers' OSH committee ng mga rekomendasyon upang i-update at paunlarin ang mga umiiral na programa at patakaran sa OSH, sa halip ng pagpapatupad lamang nito. Nasa kabilang pahina ang sumada ng mga pagkakaiba ng company OSH committee na nakasaad sa OSH Law at ng workers' OSH committee.

Table 3.1 Mga susing pagkakaiba ng workers' OSH committee at ng company OSH Committee

|  | <b>Workers' OSH Committee</b>   | <b>Mandated OSH Committee<br/>(as per RA 11058)</b>   |
|--|---|---|
| Composition                              | <ul style="list-style-type: none"> <li>• Exclusive to workers</li> </ul>  | <ul style="list-style-type: none"> <li>• Employer or representative as the chairperson ex officio;</li> <li>• Safety officer of the company or project as the secretary;</li> <li>• Safety officer representing the contractor or subcontractor, as the case may be, as members;</li> <li>• Physicians, nurses, certified first-aiders, and dentists as members, ex officio, if applicable; and</li> <li>• Workers' representatives who shall come from the union if the workers are organized or elected by the workers through a simple majority vote if they are unorganized, as members.</li> </ul> |
| Workers participation in decision-making | <ul style="list-style-type: none"> <li>• Workers fully own the process of decision-making.</li> </ul>   | <ul style="list-style-type: none"> <li>• Limited participation of workers in decision-making.</li> </ul>  |
| Minimum functions                        | <ul style="list-style-type: none"> <li>• Gather and update information about the OSH concerns and conditions of workers</li> <li>• Disseminate relevant and timely information on OSH</li> <li>• Make recommendations to improve existing OSH policies and protocols</li> </ul> | <ul style="list-style-type: none"> <li>• To ensure the implementation of the company's OSH program and policies</li> </ul>  |

## HANDOUT 3.2 IN THE KNOW: RA 11058 OR THE OCCUPATIONAL SAFETY AND HEALTH (OSH) LAW

Isinabatas ang Republic Act 11058 o ang Occupational Safety and Health (OSH) Law noong August 17, 2018. Minamandato ng RA 11058 ang pagpapatupad ng mga pamantayan sa OSH sa lahat ng establisimyento, anuman ang laki o kalikasan ng operasyon (maliban sa pampublikong sektor). Minamandato rin ng batas ang pagbabalangkas ng programa sa OSH at OSH committee sa lahat ng mga lugar-paggawa.

Tinitiyak ng OSH Law para sa mga manggagawa ang 1) karapatang malaman 2) karapatang tumanggi sa di-ligtas na trabaho kung may nakaambang panganib sa lugar-paggawa 3)

karapatang mag-ulat ng aksidente 4) karapatan sa personal protective equipment, na ibibigay ng employer nang walang kabayaran sa manggagawa.

Ang sadyang kabiguan o pagtanggì sa pagpapatupad ng mga OSH standard ay paparusahan ng maximum na P100,000 kada araw hanggang maiwasto ang nasabing paglabag. Subalit nakasaad naman sa DO 198-18 o IRR ng RA 11058 na P50,000 lamang ang maximum na penalty para sa mga partikular na paglabag tulad ng kabiguang magbigay ng PPE o pagpapabayad ng PPE sa mga manggagawa.

### DAGDAG NA SANGGUNIAN

- Video on mandated OSH Committee: “Secion 13: OSH Committee Requirement pursuant to RA 11058 and its IRR” url <https://www.youtube.com/watch?v=q-IS-O-af2s>

## PAGTATATAG NG MGA WORKERS' OSH COMMITTEE SA MGA LUGAR-PAGGAWA NA MAY UNYON

### MGA LAYUNIN

- Rebyuhin ang kahalagahan ng pagtatayo ng workers' OSH committee kahit pa mayroon nang unyon ang mga manggagawa.
- Ipakita ang hakbang-hakbang na pagtatayo ng workers' OSH committee sa mga lugar-paggawang mayroon nang unyon ang mga manggagawa.

### ORAS

45 minuto

### KAILANGANG MATERIALES

markers

post-its / flipcharts

laptop and projector or smart TV

printed hand-outs (ex. sample union resolutions, OSH committee agenda)

### MGA SUSING TANONG

- Bakit kailangan pa ring magbuo ng workers' OSH committee ang mga unyon?
- Ano ang mga hakbang sa pagtatatag ng workers' OSH committee sa mga lugar-paggawa na may unyon?

### MUNGKAHING AKTIBIDAD

- Group sharing: Pagbabahagi ng mga manggagawang may unyon kung anu-anong komite ang mayroon sa kanilang mga unyon. Paano gumagana ang mga komite at anu-anong pakinabang o positibong naidudulot nito sa mga manggagawa ?

## PANGUNAHING PUNTO SA DISKUSYON

- Ang mga unyon ay organisasyon ng manggagawa na nagtitiyak sa karapatan, kapakanan at interes ng mga manggagawa sa kanilang lugar-paggawa. Ang unyon na tunay na kinatawan ng manggagawa ay nangunguna sa pagtukoy at pagtugon sa mga isyung kinakaharap ng mga manggagawa.
- Pinapanday ng epektibo at demokratikong unyon ang aktibong partisipasyon ng mga kasapi sa pamamagitan ng mga komite. Sa pagbubuo ng mga komite, ang mga tungkulin at responsibilidad ng unyon ay pinaghahatian ng mas malawak na bilang ng kasapi at nakapagpapataas ng kanilang partisipasyon.
- Kadalasang binubuo ang mga komite ng unyon alinsunod sa mga gawain at usapin ng manggagawa. Sa maraming unyon, karaniwan ang mga task-based na komite gaya ng sa edukasyon, pag-oorganisa, pinansya, welfare at iba pa. Sa ilang mga kaso, nagbubuo rin ng mga komite ng kababaihan at kasarian, kabataan at iba pang komite na nakatuon sa ispesipikong isyu o subgroup ng kasapian ng unyon. Nagbibigay sa unyon ng mas malalim na pag-unawa sa mga partikular na usaping pang-manggagawa ang mga nakatayong komite para sa isang tiyak na tungkulin o pokus.
- Sa gitna ng pandemya, mas magiging epektibo ang unyon sa pagtugon sa mga usaping kaugnay ng OSH (partikular na ang mga kaso ng Covid-19) at pagtitiyak ng mga karapatan sa OSH kung may nakatayong matatag na workers' OSH committee. Nagkakaroon ng grupo ng mga manggagawang nasa unahan ng pagtugon sa mga isyung dulot ng pandemya tulad ng mga outbreak ng Covid-19 sa lugar-paggawa, implementasyon ng mga Covid-19 protocol, mga bagong patakaran ukol sa Covid-19 at iba pa.
- Ang pagtatatag ng OSH committee sa mga unyon ay dadaan sa ilang simpleng hakbang: 1) pagtukoy ng mandato, laki at istruktura ng komite; 2) pagpapalista ng kasapi mula sa general membership; at 3) pagdaraos ng pulong upang ipormalisa ang komite, tukuyin ang mga tungkulin, maghalal o magtalaga ng mga susing tao at magsimulang magplano.

## HANDOUT 4.1. PAANO ITINATATAG ANG WORKERS' OSH COMMITTEE SA ISANG ELECTRONICS COMPANY NA MAY UNYON

### 1. Tukuyin ang mandato, laki at istruktura ng komite.

Sa pamamagitan ng resolusyon ng general membership o executive committee, pagpapasyahan ng unyon ang pagtatatag ng workers' OSH committee. Sa resolusyon, tutukuyin ng unyon ang mandato ng komite, pati na ang laki at istruktura nito habang isinasaalang-alang ang umiiral na mga departamento at shift sa kumpanya. Maaaring magkaroon ang komite ng hindi bababa sa tatlong kasapi kada departamento.

### 2. Magpalista ng mga kasapi mula sa general membership ng unyon at iba pang mga manggagawa sa lugar-paggawa.

Magpapalista ang unyon sa kanyang kasapian at iba pang mga manggagawang nais maging bahagi ng workers' OSH committee. Dapat tiyaking bukas sa lahat ng mga manggagawa,

regular man o kontraktwal, na nais gumampan ng mga tungkulin sa komite.

Sa kasong may company-led OSH committee nang nakatayo, ang kinatawan ng manggagawa dito ay dapat na mapabilang sa workers' OSH committee. Mahalagang tandaang bagamat nakasaad sa OSH Law ang pagtatayo ng OSH committee sa mga lugar-paggawa, marami pa ring mga kumpanya ang wala nito.

### 3. *Idaos ang unang pulong ng OSH committee.*

Kapag natukoy na ang mga kasapi ng workers' OSH committee, maaari nang idaos ang unang pulong. Sa minimum, kailangang talakayin ang mga sumusunod:

- Pagbabalik-aral sa mandato ng workers' OSH committee ayon sa nakasaad sa resolusyon ng unyon
- Pag-iiskedyul ng regular na pulong ng komite (hal. minsan isang buwan sa isang tiyak na



petsa at oras) na pinakamaluwag para sa lahat ng kasapi

- Pagtutukoy ng mga opisyal ng komite (Tagapangulo, Pangalawang Tagapangulo, Kalihim, tingnan ang Handout 4.2 Deskripsyon ng Opisyal ng Workers' OSH Committee)
- Pagtatalakay ng mga prayoridad at plano ng aksyon (hal. information dissemination, pagpapaulad at pag-update ng mga health and safety program, rebyu ng mga insidente at iba pa).

#### 4. *Balikan at imonitor ang mga plano't aksyon.*

Maaaring irebyu ng komite ang inabot ng gawain nang hindi bababa sa dalawang beses bawat taon. Ang pag-usad ng komite ay kailangang regular na balikan upang tasahin ang tagumpay ng komite sa pagtuwang sa organisasyon na kamtin ang mga layunin para sa kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa.

### DAGDAG NA SANGGUNIAN

- Sample union resolutions on creating an OSH committee
- Sample agenda for first OSH committee meeting

## HAND-OUT 4.2. DESCRIPTION OF OSH COMMITTEE OFFICERS

Ang **tagapangulo** ang sumusubaybay sa arawang kalagayan ng OSH sa lugar-paggawa, at default na kinatawan ng workers' OSH committee sa mga pulong at dayalog sa management. Siya rin ang nagbabalangkas ng agenda para sa mga pulong ng komite.

Pansamantalang tatanganan ng **pangalawang tagapangulo** ang mga tungkulin ng tagapangulo sa pangyayaring magbitiw o lumiban ito. Ipatutupad din niya ang mga responsibilidad na iaatang ng komite sa kanya.

Inirerekord ng **kalihim** ang mga tala ng lahat ng pulong ng komite, at magbubuo ng filing system at pagkuha ng mga ulat mula sa mga manggagawa kaugnay ng mga usaping OSH.

## SESYON **5**

---

# PAGBUBUO NG WORKERS' OSH COMMITTEE SA MGA LUGAR-PAGGAWA NA WALANG UNYON

---

### MGA LAYUNIN

- Unawin kung bakit mahalagang magbuo ng mga workers' OSH committee sa mga lugar-paggawa na walang unyon
- Ipakita ang mga hakbang sa pagbuo ng mga workers' OSH committee sa mga lugar-paggawa na walang unyon

### ORAS

45 minuto

### KAILANGANG MATERIALES

markers

post-its / panel boards

laptop and projector or smart TV

### MGA SUSING TANONG

- Bakit kailangang magbuo ng mga workers' OSH committee ang mga di-unionisadong manggagawa sa electronics sa gitna ng pandemya?
- Ano-ano ang mga hakbang sa pagbuo ng mga OSH committee sa mga pabrika ng electronics na walang unyon?

### MUNGKAHING AKTIBIDAD

- Role playing: Igrupo sa tatlo o apat ang mga manggagawa. Sa isang role play, may gaganap na manggagawa bilang organisador ng workers' OSH committee at makikipag-usap sa mga kapwa manggagawa tungkol sa mga usaping OSH sa kanilang lugar-paggawa sa gitna ng pandemya. Ang mga kahingian ng mga

manggagawa kaugnay ng OSH ang magiging tuntungan para makarekrut pa ng mas maraming manggagawa at volunteer para sa itinatayong workers' OSH committee.

- Group discussion: Ipatukoy sa mga manggagawa ang mga usaping OSH sa lugar-paggawa sa gitna ng pandemya para maging panimula sa pagbubuo ng workers' OSH committee. Ipasulat ang mga sagot sa mga post-it at idikit sa mga panel board.

### **PANGUNAHING PUNTO SA TALAKAYAN**

- Napakaliit na porsyento lamang ng mga manggagawa sa electronics industry ang unyonisado. Maliit o walang kapangyarihan na mag-impluwensya ang mga manggagawa sa mga pabrika ng electronics na walang unyon sa mga company practice at policy na magtitiyak sa karapatan sa kalusugan at kaligtasan at kanilang kapakanan sa gitna ng pandemya. Makatutulong ang pagbubuo ng workers' OSH committee sa mga pabrikang walang unyon para magsibiling watchdog at matiyak na natatalakay ang karapatan at kapakanan ng manggagawa lalo na sa panahon ng pandemya.
- Hindi kinakailangang organisado ang mga manggagawa sa unyon bago nila buuin ang workers' OSH committee.

- Isinasaalang-alang ang ilang batayang prinsipyo sa pag-oorganisa sa pagbubuo ng workers' OSH committee sa mga pabrikang walang unyon. Kabilang rito ang 1) pagtukoy ng isyu at usapin ng mga manggagawa, lalo na kaugnay ng Covid-19 na magiging isa sa mga batayan ng pagtatayo ng komite; 2) pagkukubli mula sa management na nagtatayo tayo ng OSH committee hanggang sa panahong sapat na ang bilang ng manggagawang nais lumahok

Kabilang sa mga hakbang sa pagbubuo ng workers' OSH committees sa mga lugar-paggawa na walang unyon ang mga sumusunod:

- 1) pagtukoy sa mga isyu't usapin ng mga manggagawa kaugnay sa Covid-19;
- 2) pagtukoy ng mga posibleng kasapi ng workers' OSH committee;
- 3) pagbubuo ng core group;
- 4) pagpapalista ng mas maraming kasapi ng workers' OSH committee at
- 5) pagdaraos ng unang pulong ng komite.

## HAND-OUT 5.1. PAGBUBUO NG MGA WORKERS' OSH COMMITTEE SA MGA LUGAR-PAGGAWA NA WALANG UNYON

### *1. Pagtutukoy ng mga usaping OSH ng manggagawa sa lugar-paggawa*

Bago simulang buuin ang workers' OSH committee, mahalagang sama-samang tukuyin ang mga usaping OSH ng manggagawa, lalo na iyong mga kaugnay sa pandemya. Kapag natukoy na ang mga OSH issue at concern (mga usaping Covid-19 na kaugnay sa trabaho) ng mga manggagawa, mas magiging matibay ang batayan ng pagtatayo ng OSH committee.

Maraming pwedeng pagsimulan sa mga pabrika ng electronics. Kabilang rito ang hindi maayos na implementasyon ng mga Covid-19 guideline at health protocol sa lugar-paggawa, kawalan ng kinatawan ng manggagawa sa company OSH committee na nakasaad sa OSH Law, kakulangan ng suporta sa mga manggagawang kinailangang mag-quarantine o isolate, naka-quarantine, outbreak ng Covid-19 sa lugar-

paggawa, mabagal at mahirap na proseso sa pagkuha ng kompensasyon at marami pang iba.

Mahalagang tukuyin muna ng mga manggagawang nais magbuo ng workers' OSH committee ang mga pinakatampok na usaping kaugnay ng OSH. Maaari itong matukoy sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga talakayan, pormal man o impormal tungkol sa Covid-19 at iba pang mga paksang may kaugnayan sa kalusugan at kaligtasan sa lugar-paggawa.

### *2. Pagtutukoy ng mga posibleng kasapi ng OSH committee at kanilang core group*

Matutukoy ang mga posibleng kasapi ng OSH committee at core group sa gitna ng mga talakayan hinggil sa mga isyung kaugnay ng OSH. Mahalagang tandaan sa pagtutukoy ang tatlong bagay: 1) mapagkakatiwalaan at

maaasahan ang mga kasapi ng core team; 2) positibo ang pagtanggap nila sa layuning magbuo ng workers' OSH committee at 3) may antas sila ng impluwensya upang mapalahok ang iba pang manggagawa sa komite.

3. *Buuin ang core team at manawagan ng mga volunteer/kasapi.*

Kapag natukoy na ang core team, maaari na silang magpulong at magplano kung paano paparamihin ang kasapi ng workers' OSH committee. Maaari silang manawagan ng mga volunteer upang tugunan ang mga kagyat na usaping OSH sa iba't ibang pamamaraan at lunsaran depende sa sitwasyon at kalagayan sa lugar-paggawa.

Maaaring ipaskil sa employees' bulletin board ang panawagan kung mainit na sinasalubong ng management ang inisyatiba. Sa kalagayang hindi bukas ang kumpanya sa pagbubuo ng workers' OSH committee, maaaring ipakalat nang palihim ang panawagan. Halimbawa, pagpaparami

ng kasapi o volunteer sa pamamagitan ng referral ng mapagkakatiwalaang mga contact at paglulunsad ng mga pulong paghahanda sa labas ng pabrika. Maaari ring humingi ng tulong, gabay o rekomendasyon ang core team sa mga unyon at labor organization tungkol sa pagtatayo ng workers' OSH committee.

4. *Idaos ang unang pulong ng OSH committee.*

Kapag sapat na ang bilang ng manggagawa (minimum ng 10 depende sa laki ng kumpanya) para buuin ang workers' OSH committee, maaari nang idaos ang unang pulong ng komite. Maaaring talakayin sa pulong ang mga sumusunod na paksa: Pagkakasundo sa mga tungkulin at prayoridad sa bubuuing workers' OSH committee (information dissemination, incident reviews, pag-update sa mga nakasulat na safety programs atbp.)

- Oryentasyon ng mga volunteer bilang inisyal na kasapi ng komite
- Pagtutukoy ng regular na iskedyul ng pulong ng komite na pinakamaluwag para sa lahat ng kasapi

- Pagpili ng mga coordinator bilang lider ng workers' OSH committee.

Sa mga susunod na pulong, maaaring pumili ang komite ng mga permanenteng opisyal (Tagapangulo, Pangalawang Tagapangulo, Kalihim).

Susubaybayan ng **tagapangulo** ang arawang sitwasyon ng OSH sa lugar-paggawa. Siya rin ang magtatakda ng agenda ng mga pulong ng komite. Kung wala pang unyon, maaari siyang maging kinatawan ng workers' OSH committee sa mga pulong kasama ng management.

Pansamantalang tatanganan ng **pangalawang tagapangulo** ang mga tungkulin ng tagapangulo sa pangyayaring magbitiw o lumiban ang

tagapangulo, at ipapatupad din niya ang mga responsibilidad na iaatang sa kanya ng komite.

Inirerekord ng **kalihim** ang mga tala ng lahat ng pulong ng komite, at magbubuo ng filing system at pagkuha ng mga ulat mula sa mga manggagawa

#### 5. *Balikan ang mga tungkulin at tagumpay.*

Maaaring irebyu ng komite ang inabot ng gawain nang hindi bababa sa dalawang beses bawat taon. Ang pag-usad ng komite ay kailangang regular na balikan upang tasahin ang tagumpay ng komite sa pagtuwang sa organisasyon na kamtin ang mga layunin at target sa usapin ng kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa.

## DAGDAG NA SANGGUNIAN

- When identifying issues and members of the core group of the workers OSH committee, it may be helpful to review “What’s an organizing committee” url: [https://guide.unitworkers.com/whats-an-organizing-committee/...](https://guide.unitworkers.com/whats-an-organizing-committee/)

# SESYON 6

---

## TUNGKULIN AT RESPONSABILIDAD NG WORKERS' OSH COMMITTEE SA MGA KUMpanyA NG ELECTRONICS

---

### MGA LAYUNIN

- Unawain ang mga tungkulin at responsibilidad ng workers' OSH committee sa mga kumpanya ng electronics sa gitna ng pandemyang Covid-19
- Matuto ng mga pamamaraan kung paano gagampanan ang mga tungkulin at responsibilidad bilang mga kasapi ng workers' OSH committee.

### ORAS

90 minuto

### KAILANGANG MATERYALES

markers

post-its/ panel boards

laptop and projector or smart TV

### MGA SUSING TANONG

- Ano-anong tungkulin at responsibilidad ng workers' OSH Committee sa mga kumpanya ng electronics sa gitna ng pandemyang Covid-19?
- Ano-anong pamamaraan ang maaaring gawin para tupdin ang mga tungkulin at responsibilidad na ito? Ano-anong aktibidad na maaaring gawin ng OSH committee?

### MUNGKAHING AKTIBIDAD

- Group work: Hatiin ang mga manggagawa sa dalawang grupo. Paglistahin ang isang grupo sa mga sticky note ng tingin nila ay dapat gawin ng workers' OSH committee. Samantala, kailangang pagsama-samahin ng isa pang grupo ang magkakaugnay na mga tungkulin.



- **Group discussion:** Tanungin ang mga kalahok kung anong mga tungkulin ang natatangi (unique) sa panahon ng pandemya.

### **PANGUNAHING PUNTO SA TALAKAYAN**

- Sa panahon ng pandemya, susing tungkulin ng workers' OSH committee na tiyaking ang karapatang ng manggagawa sa kalusugan at kaligtasan ay naitataguyod at natutugunan ang mga usaping kaugnay ng Covid-19 at pandemya. May ilang tungkulin at responsibilidad batay sa susing tungkulin na ito na kinabibilangan, ngunit hindi nalilimita sa:
  - pagpapataas ng kaalaman (awareness) ng manggagawa sa Covid-19 at OSH at paglalabas ng napapanahon at mahahalagang impormasyon tungkol dito;
  - pagdodokumento at pagmomonitor ng Covid-19 at iba pang OSH-related na sitwasyon sa lugar-paggawa;
  - pagtuwang sa implementasyon ng mga health protocol sa lugar-paggawa;
  - pagrebyu at pagtatasa sa mga umiiral na

patakarang kaugnay ng Covid-19 sa industriya at lugar-paggawa;

- pangunguna sa kampanya para sa kaligtasan at kalusugan ng manggagawa sa panahon ng pandemya sa lugar-paggawa at sa mas malawak pa (hal. industriya, sektor, bansa);
- pangunguna sa paggigiit ng pag-aayos o pagwawasto sa mga isyu kaugnay ng Covid-19 sa lugar-paggawa
- Ang pagpapataas ng kaalaman ng manggagawa ay maaaring sa porma ng mga webinar at training session sa mga manggagawa at mga kasapi ng workers' OSH committee tungkol sa mga batayang impormasyon tungkol sa Covid-19, paano ito maiiwasan at kokontrolin sa mga lugar-paggawa, gayundin ang mga update sa mga kaukulang pamantayan at protocol na inilabas ng kumpanya, gobyerno at iba pang awtoridad. Ang information dissemination ay pagbibigay ng mga regular na update sa manggagawa tungkol sa Covid-19. Magagawa

ito sa pamamagitan pagpapaskil ng mga information material sa bulletin board sa lugar-paggawa, pamamahagi ng mga polyeto, at pagpo-post ng mahahalagang impormasyon at anunsyo sa mga social media platform. (Tingnan ang Hand-out 6.2 para sa listahan ng posibleng webinar at training gayundin ang mga posibleng resource speaker).

- Ang pagdodokumento at monitoring ay pagkuha ng up-to-date na impormasyon mula sa mga kapwa manggagawa tungkol sa mga isyu at problemang pangkalusugan at pangkaligtasang kinakaharap nila sa lugar-paggawa. Maaaring saklaw rin nito ang pagmomonitor sa mga bagong issuance mula sa management at gobyerno tungkol sa Covid-19. Ang epektibong dokumentasyon at monitoring ay nangangailangan ng data gathering (pagkuha ng datos) mula sa mga manggaagwa at pagsusulat ng mga buod (summary) na ulat ng mga impormasyong nakuha mula sa mga manggagawa. Maaaring

magpaunlad ang workers' OSH committee ng Covid-19 complaint o grievance form. Maaari itong sagutan ng mga manggagawa o kasapi ng workers' OSH committee na nakipanayam sa mga manggagawang nagpaabot ng mga usapin tungkol sa Covid-19 sa lugar-paggawa. (Tingnan ang Handout 6.3 Sample Covid-19 Complaint Form)

- Sa pagtuwang sa implementasyon ng mga Covid-19 protocol, maaaring kailanganing magsanay ang mga kasapi ng workers' OSH committee bilang mga worker-safety officer o contact tracer na makikipagtulungan sa company OSH committee para ipatupad ang mga Covid-19 health protocol sa lugar-paggawa. (Tingnan ang Hand-out 6.4. Contact Tracing)
- Ang pagrerebyu at pagtatasa ng umiiral na patakaran ukol sa Covid-19 sa lugar-paggawa, industriya at mas malawak pang komunidad ay nangangailangan ng mga regular na talakayan at konsultasyon sa mga manggagawa tungkol sa

mga bagong patakarang ipinapatupad at kung paano sila naapektuhan o maapektuhan nito. Maaaring maglunsad ng buwanang konsultasyon ang workers' OSH committee kasama ng mga kapwa manggagawa para talakayin ang mga patakaran sa Covid-19, paano ito ipinapatupad sa lugar-paggawa at ano ang naging karanasan at epekto nito sa mga manggagawa. (Tingnan ang Hand-out 6.5 para sa listahan ng mga patakaran kaugnay ng Covid-19 sa lugar-paggawa). Sa mga konsultasyong ito, maaaring simulang talakayin ang mga rekomendasyon at alternatibong patakaran, pamantayan at praktika.

- Ang pangunguna sa kampanya para sa kaligtasan at kalusugan ng manggagawa sa panahon ng pandemya sa loob ng lugar-paggawa at sa mas malawak pa (hal. industriya, sektor, bansa) ay nangangailangang makitungo at makipag-usap sa management at/o mga stakeholder para ilatag ang mga usapin ng manggagawa at makakuha ng mga positibong pagbabago sa mga patakaran at praktika. Ang layunin ng kampanya ay mag-iiba batay sa kalagayan.
- Halimbawa ng mga posibleng kampanya ay ang, pagtutulak ng paid quarantine leave bilang probisyon sa collective bargaining agreement, pagbabago ng mga partikular na patakaran ng kumpanya, o maaari pang maging mas malawak ang layunin ng kampanya kagaya ng pagtutulak ng mga industry standard para sa mga electronics worker o pagpapasa ng batas sa paid pandemic leave para sa lahat ng manggagawa.

- Sa mga lugar-paggawa na may unyon, maaaring makipagtulungan ang workers' OSH committee sa iba pang komite ng unyon tulad ng campaign committee at CBA committee o sa pamunuan ng unyon kung magpapasya itong maglunsad ng kampanya. Ilang mga aktibidad sa kampanya ay ang paglulunsad ng mga dayalog sa pagitan ng mga manggagawa at stakeholder na may kasamang mga group action (social media actions, noise barrage, picketing etc.)
- Pangunguna sa paggigiit ng pagsasaayos/pagwawasto sa mga isyu kaugnay ng Covid-19 sa mga lugar-paggawa ay nangunguhulgan na ang workers' OSH committee ay gumagamit ng mga umiiral na remedyong legal para tiyaking napoprotektahan ang karapatan sa OSH sa panahon ng pandemya. Maaaring maghain ng request para sa OSH investigation sa labor department ang workers' OSH committee kung palagay ng mga manggagawa ay lumalabag ang kumpanya sa mga OSH standard. Maaari ring pangunahan ng workers' OSH committee ang pagtuwang sa mga manggagawa sa pagkuha ng Covid-19 compensation mula sa Employees Compensation Commission.

## HAND-OUT 6.1. BUOD NG TUNGKULIN AT RESPONSABILIDAD NG WORKERS' OSH COMMITTEE KASAMA NG SAMPLE NA LAYUNIN, AKTIBIDAD, STAKEHOLDERS, TIMELINE AT FREQUENCY

| <b>Tungkulin at Responsibilidad</b>                     | <b>Layunin</b>   | <b>Mungkahing mga Aktibidad</b>   | <b>Sino ang magsasagawa?</b>   | <b>Time frame</b>  |
|---|--|---|--|--|
| Pagpapataas ng kaalaman at pagpapakalat ng impormasyon  | Pagpapataas ng kaalaman tungkol sa mga Covid-19 protocol at karapatan sa OSH | Webinar tungkol sa karapatan sa OSH, DOLE-DTI guidelines and company policies on Covid 19   | Workers' OSH committee, Education committee, Resource persons mula sa DOLE, management representative o mga NGO  | Dalawang oras na sesyon/ Isa o dalawang beses kada buwan |
|   | Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa bakuna                                  | Paglalabas ng mga flyer o social media post tungkol sa bakuna kontra Covid-19   | Workers OSH Committee  | Isang beses kada buwan                                   |
| Pagdodokumento at pagmomonitor ng kalagayan ng Covid-19 | Pagdodokumento ng mga paglabag sa karapatan sa OSH sa lugar-paggawa          | Paglalabas ng feedback form o Covid-19 complaint form   | Workers OSH Committee at mga manggagawa  | Regular  |
| Pagtuwang sa pagpapatupad ng mga Covid-19 protocol      | Pagtuwang sa pagpapatupad ng social distancing at kalinisan sa lugar-paggawa | Oryentasyon ng mga volunteer kung paano mahusay na maipapatupad ang social distancing, wastong pagsusuot ng face mask at kalinisan sa lugar-paggawa | Workers OSH Committee, worker volunteers and resource persons from company representative or health professional | Isang oras na training kada tatlong buwan                |

| <b>Tungkulin at Responsibilidad</b>                    | <b>Layunin</b>  | <b>Mungkahing mga Aktibidad</b>   | <b>Sino ang magsasagawa?</b>  | <b>Time frame</b>                                       |
|--|---|---|---|---|
| Pagrererebyu at pagtatasa ng mga kasalukuyang protocol | Pagrererebyu ng mga patakaran at praktika ng kumpanya kaugnay ng Covid-19                 | Pagtitipon ng mga kopya ng kasalukuyang patakaran ng kumpanya kaugnay ng Covid-19<br><br>Konsultasyon sa mga manggagawa         | OSH committee, Union officers   | Isang oras na sesyon, minimum na isang beses kada buwan |
| Kampanyang OSH sa panahon ng pandemya                  | Pagsama sa paid quarantine leave sa mga probisyon ng Collective Bargaining Agreement      | Konsultasyon sa mga manggagawa, sama-samang pagkilos, negosasyon sa pagitan ng manggagawa at management                         | Workers' OSH committee, union officers, lahat ng manggagawa sa kumpanya, management     | kung kailan kinakailangan                               |
|  | Proteksyon ng mga manggagawa sa pamamagitan ng mas mahusay na mga patakaran sa industriya | Konsultasyon sa pagitan ng mga manggagawa, unyon sa iba't ibang kumpanya, sama-samang pagkilos, lobbying sa mga industry player | Workers' OSH committee, mga unyon, pederasyon, kinatawan mula sa industriya at gobyerno | kung kailan kinakailangan                               |

| <b>Tungkulin at Responsibilidad</b>         | <b>Layunin</b>  | <b>Mungkahing mga Aktibidad</b>  | <b>Sino ang magsasagawa?</b>   | <b>Time frame</b>         |
|---|---|--|--|---------------------------|
| Pagtutulak ng pagwawasto at remedyong legal | Pagtutulak ng OSH inspection sa lugar-paggawa   | Pagdadokumento ng mga kaso ng paglabag sa mga OSH at pagsasampa ng mga kaso't reklamo sa DOLE  | Workers' OSH committee, unyon, mga nagreklamong manggagawa                                 | kung kailan kinakailangan |
|   | Pagtitiyak na mabilis makukuha ng mga manggagawng nagka-Covid ang kanilang kompensasyon | Magsagawa ng webinar tungkol sa ECC, tulungan ang mga manggagawa sa buong proseso ng pagkuha ng mga ECC claim (mula sa pag-aapply hanggang sa pag-monitor) | Workers' OSH committee, Grievance committee ng unyon, management representative, SSS / ECC | regular                   |

## HAND-OUT 6.2. LISTAHAN NG MGA WEBINAR AT TRAINING NA MAAARING ILUNSAH NG WORKERS' OSH COMMITTEE

| Topic   | Potential partner/ Resource organization                             |
|---|--|
| Hazard identification and mapping; crafting of solutions  | Training c/o DOLE/ Occupational Safety and Health Center             |
| OSH rights orientation, Documenting and Monitoring OSH violations                                 | Paralegal Training c/o unions/ labor organizations                   |
| On symptom screening, contact tracing, and information drive regarding COVID-19 at vaccines       | Training/ orientation c/o DOH, LGUs, and nongovernment organizations |
| Basic health check: blood pressure, temperature and responsiveness assessment                     | Training/ orientation c/o DOH, LGUs and NGOs                         |
| General symptom screening and first aid   | Training c/o Red Cross   |
| Updates and basic information about Covid 19, vaccination, and new related standards and policies | Health professionals from NGO's, DOH, DOLE, also trade unions        |
| Processing of applications for OSH-related benefits and compensation                              | Employment Compensation Commission (ECC)                             |



### HAND-OUT 6.3. SAMPLE WORKER COVID-19 COMPLAINT FORM

Pangalan: .....

Edad: ..... Kasarian: .....

Departamento: ..... Contact number: .....

Alin sa mga ito ang inyong usapin/reklamo? I-check lahat ng pwede:

- implementasyon ng mga Covid-19 protocol
- patakaran ng kompanya kaugnay ng Covid-19
- contact tracing
- quarantine
- isolation
- benepisyo ng manggagawa kaugnay ng Covid-19
- kawalan ng trabaho/kita dulot ng Covid-19
- iba pa, tukuyin

Maaari mo bang ikwento ang iyong usapin/complaint? (Maikling buod ng nangyari: Kailan ito nangyari? Sino-sino ang mga sangkot?).....

Paano mo gustong tugunan ang iyong usapin? Anong resulta ang iyong inaasahan?

Mayroon ka pa bang mungkahi?

## HAND-OUT 6.4. GUIDE TO CONTACT TRACING

### Bakit kailangan natin ng contact tracing?

Isang paraan ang contact tracing para pabagalin at agapan ang pagkalat ng nakahahawang sakit sa lugar-paggawa at komunidad. Ang layunin ay tukuyin ang mga indibidwal na contact ng isang maysakit upang sila ay maihiwalay (isolate) at maiwasan ang ibayo pang pagkalat ng sakit.

Bagamat naging pamilyar ito ngayong pandemyang Covid-19, ginagawa na ang contact tracing sa iba pang nakahahawang sakit gaya ng tuberculosis, measles at cholera.

### Sino-sino ang mga close contact ng kumpirmadong kaso ng COVID-19?

- a. Mga nagkaroon ng face to face na interaksyon sa isang taong nagkasintomas ng Covid-19 o nagpositibo sa Covid-19 sa loob ng distansyang 1 metro o mas malapit pa nang higit sa 15 minuto
- b. Mga nagkaroon ng direktang physical contact sa isang taong nagkasintomas ng Covid-19 o nagpositibo sa Covid-19 (hal. pakikipagkamay, halik o yakap)
- c. Mga nag-alaga ng isang taong nagkasintomas ng Covid-19 o nagpositibo sa Covid-19 nang walang angkop na personal protective equipment
- d. Mga matutukoy na close contact sa pamamagitan ng local risk assessment (mga kaanak na kasamang tumira ng nagkasakit ng Covid-19)

Sa expanded contact tracing, ang mga nagkaroon ng close contact sa nagpositibo 14 araw bago nagkasintomas ay dapat ring tukuyin dahil ang incubation period ng virus (o tagal na nagpaparami ito sa loob ng katawan) ay maaaring magtagal nang hanggang 14 araw.

Mahalagang tandaan na ang isang tao ay maaaring ituring na close contact kahit pa naka-face mask o face shield, dahil hindi matitiyak na laging maayos ang pagkakasuot ng mga ito sa lahat ng panahon.

### **Mga Hakbang sa Contact Tracing**

Kailangang maagap na dalhin sa health facility, magpa-RT PCR test para sa impeksyon at hilinging mag-isolate ang mga manggagawang nakararanas ng mga Covid-like symptom. Responsibilidad ng employer ang pakikipag-ugnayan at pag-uulat nito sa kaukulang Local Government Unit, tungkol sa mga manggagawang kailangang imonitor ang kalusugan at naghahandang mag-isolate.

Habang hinihintay ang resulta, kailangang mabilisang gawin ang disinfection ng mga pisikal na pasilidad ng mga suspected na may Covid-19, kasama na ang contact tracing ng mga na-expose o naging close contact ng mga suspected na may Covid-19.

1. Hihilinging ilahad ng pasyente ang kanyang mga pinuntahan dalawang araw bago nagdebelop ng sintomas ng Covid-19. Kung hindi siya nakapag-self-isolate, kailangan niyang ilahad kung saan-saan siya nagpunta 14 araw bago magkasintomas (o mula sa huling araw ng exposure.
  - a. Kailangang rebyuhin ng pasyente ang sariling health declaration questionnaire para tukuyin ang kanyang sintomas, kasama ang timeframe na maaari siyang makahawa.
  - b. Kailangang alalahanin ng pasyente ang kanyang schedule o shift sa trabaho at tukuyin kung mayroong office shuttle siyang nasakyan.
  - c. Kailangang mabilis na tukuyin ng pasyente ang

- kanyang mga close contact, lalo na ang mga nakasama sa indoor space nang walang personal protective equipment - face mask, at iba pa (Hal, canteen, dormitory).
2. Kailangang rebyuhin ang company CCTV para tukuyin ang mga lugar na napuntahan ng pasyente. Kailangang tukuyin at tiyakin ang mga close contact sa lugar-paggawa.
    - a. Maaaring makipag-ugnayan ang workers' OSH committee sa supervisor at Human Resources upang tumuwang sa contact tracing at pagbubuo ng listahan ng mga close contact.
    - b. Dapat matiyak ng workers' OSH committee ang listahan ng mga close contact ng pasyente. Ang close contact ay sinumang nasa loob ng anim na dipa ng isang taong maysakit sa loob ng 15 minuto, o sa mas masaklaw, 24 oras hanggang 48 oras bago nagsimula ang sakit.
  3. Kailangang hilingin ang pagpayag ng pasyente na isapubiko ang lugar at oras na nasa lugar-paggawa siya para matukoy ng iba ang posibleng exposure sa Covid-19, mabigyang babala at mabigyan ng instruksyon sa mga susunod na hakbang.
  4. Lahat ng mga close contact ay dapat sumailalim sa 14-day quarantine.
    - a. Ang mga close contact na walang sintomas ay dapat i-test sa pagitan ng ikalima hanggang ikapitong araw mula sa huling exposure.
    - b. Ang mga close contact na may sintomas ay dapat agarang i-test.
    - c. Ang mga close contact na nakatanggap ng negatibong resulta ay dapat pa ring tapusin ang kanilang 14-araw na quarantine period.

5. Kung nakatanggap na ng negatibong resulta ang pasyente, maaari nang tapusin ang quarantine ng mga close contact. Ngunit, kung i-abiso ng doktor ang mataas na posibilidad ng Covid-19 sa pasyente kahit pa negatibo ang RT-PCR result niya, kailangan pa ring tapusin ang 14-araw na quarantine.

Kailangang matapos ang contact tracing sa loob ng isang araw upang di na kailangang mag-report sa trabaho kinabukasan ang natukoy na mga close contact. Layunin nitong pigilan ang pagka-expose ng iba pang manggagawa at pagkalat ng impeksyon.

## Data Privacy

Pinoprotektahan ng Data Privacy Act [10] ang mga personal at sensitibong impormasyong nakuha sa contact tracing. Itinatakda ng batas na ipagbigay-alam sa pasyente, close contact at kanilang pamilya kung paano gagamitin ang personal na impormasyon at paano ito mapoprotektahan.

Dapat bigyan at pumirma ang mga pasyente, close contact at kanilang pamilya ng declaration form bago ang anumang interbyu para sa contact tracing. Di pwedeng isapubliko ang pangalan ng pasyente, close contact o anumang makapagtutukoy sa kanila, Hal: buong pangalan, tirahan at contact information.

Dapat aprubahan ng pasyente ang anuman, o lahat ng impormasyong gagamitin sa contact tracing. Sa ilalim ng Data Privacy Act, ang mga lumabag ay maaaring makulong ng isa (1) hanggang anim (6) taon at multa ng di bababa sa PHP 500,000 pero di hihigit sa PHP 4,000,000.

## Pag-uulat

Kasama ang Covid-19 sa listahan ng Category I notifiable diseases [11]. Ibig sabihin, lahat ng kaso ng Covid-19 ay dapat agarang maiulat sa Department of Health sa loob ng 24 oras na ma-diagnose ito ng health care provider. Kaya lahat ng kaso ng Covid-19 ay dapat maiulat sa mga Local Government Unit at dapat tumugma sa Work Accident/Illness Report ng DOLE.

## Mga Sanggunian

- Department of Health Memorandum No. 2020-0439: Omnibus Interim Guidelines on Prevention, Detection, Isolation, Treatment, and Reintegration Strategies for COVID-19
- Workplace Handbook on COVID-19 Management and Prevention
- Philippine Society on Microbiology and Infectious Diseases and Healthcare Professionals Alliance Against COVID-19 Unified COVID-19 Algorithms
- Center for Disease Prevention Appendix A – Glossary of Key terms <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/php/contact-tracing/contact-tracing-plan/appendix.html>
- ABC News (2021). What we know about the fleeting spread of the COVID-19 Delta variant in Sydney. <https://www.abc.net.au/news/2021-06-24/covid-delta-kappa-variant-spread-in-fleeting-moment-nsw-vic/100238680>
- Viral infection and transmission in a large well-traced outbreak caused by the Delta SARS-CoV-2 variant <https://virological.org/t/viral-infection-and-transmission-in-a-large-well-traced-outbreak-caused-by-the-delta-sars-cov-2-variant/724>
- Center for Disease Prevention and Control (07 May 2021). Scientific Brief: SARS-CoV-2 Transmission <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/science/science-briefs/sars-cov-2-transmission.html>
- National Public Radio (27 Aug 2021). Coronavirus FAQ: How do the rules of 6 feet and 15 minutes apply to the Delta variant? <https://www.npr.org/sections/goatsandsoda/2021/08/27/1031753581/coronavirus-faq-how-does-the-6-feet-15-minutes-rule-apply-to-the-delta-variant>
- The Implementing Rules and Regulations of Republic Act 10173, known as the Data Privacy Act 2012
- The 2020 Revised Implementing Rules and Regulation of Republic No. 11332 or the Mandatory Reporting of Notifiable Diseases and Health Events of Public Health Concern Act

## HAND-OUT 6.5. LISTAHAN NG MGA PATAKARAN KAUGNAY NG COVID-19 NA PWEDENG BALIKAN NG WORKERS' OSH COMMITTEE

- Company policies on Covid-19 control and prevention
- Industry policies and practices on Covid-19 control and prevention (if available)
- IATF Guidelines on Covid 19 Prevention and Control
- DOLE-DTI Guidelines on the Prevention and Control of Covid-19 in the Workplace
- ECC Resolution on Covid-19 as an Occupational Disease

### DAGDAG NA SANGGUNIAN

- An excellent resource by IndustriALL on what safety and health activists including workers-led OSH committees can do to save ourselves especially during increased risk during the pandemic, "Saving Ourselves" url: [http://admin.industrialunion.org/sites/default/files/uploads/documents/Publications/HEALTH\\_SAFETY\\_MANUAL/health\\_and\\_safety.pdf](http://admin.industrialunion.org/sites/default/files/uploads/documents/Publications/HEALTH_SAFETY_MANUAL/health_and_safety.pdf)
- Another resource on the trade union approach in occupational health and safety in the construction industry was published by ILO "Construction OS&H Workers' perspectives Trade Union approach" url: [https://www.ilo.org/wcmsp5/groups/public/--ed\\_dialogue/--sector/documents/presentation/wcms\\_161889.pdf](https://www.ilo.org/wcmsp5/groups/public/--ed_dialogue/--sector/documents/presentation/wcms_161889.pdf)

## SESYON **7**

---

# PAGPAPLANO PARA SA MAS EPEKTIBONG WORKERS' OSH COMMITTEE

---

### MGA LAYUNIN

- Matutong magtakda ng mga SMART objective at bumuo ng plano para sa epektibong workers' OSH committee
- Magdebelop ng sample plan para sa workers' OSH committee gamit ang mga SMART objective

### ORAS

60 to 75 minuto

### KAILANGANG MATERIALES

markers

post-its

big flip charts / panel boards

### MGA SUSING TANONG

- Ano ang mga SMART objective? Paano magbubuo ang workers' OSH committee ng plano na specific, measurable, attainable, realistic at time-bound?
- Paano gagawing epektibo ang workers' OSH committee?

### MUNGKAHING AKTIBIDAD

- Break-out groups: Tipunin ang mga manggagawa sa apat (4) hanggang anim (6) na kasapi bawat isang grupo. Bigyan sila ng 30 minuto para talakayin at tukuyin ang mga SMART objective para sa workers' OSH committee at magbalangkas ng anim (6) na buwang plano.



Hilinging gamitin nila ang planning template para sa mas malinaw na presentasyon. Bigyan ang bawat grupo ng 5 minuto para ibahagi ang kanilang plano sa iba pang mga kalahok.

### PANGUNAHING PUNTO SA TALAKAYAN

Upang maging epektibo sa paggampan ng tungkulin at responsibilidad, kailangang makapagbalangkas at makapagpatupad ang workers' OSH committee ng plano batay sa mga SMART objective. Ibig sabihin ng SMART plan ay **Specific, Measurable, Attainable, Realistic, and Time-Bound**. Sa panahon ng pandemya, ang misyon ng workers' OSH committee ay tiyakin ang karapatan ng mga manggagawa sa ligtas at malusog na lugar-paggawa. Tuluy-tuloy na proseso ang misyong ito at ang pagtatakda panapanahon ng mga partikular na layunin na nakaayon sa tungkulin at responsibilidad na nakabalangkas sa Section 6.

- Ibig sabihin ng **Specific** ay mga kongkretong layunin, may pokus at malinaw na nakadetalye. Kapag nagtatakda ng layunin, kailangang tukuyin kung ano ang gustong mangyari o maabot, bakit dapat maabot ang layunin, sino ang responsable sa bawat gawain, kailan ito gustong magawa, at kung paano ito maaabot.
- Ibig sabihin ng **Measurable** ay kayang masubaybayan o masukat ang layunin para malaman kung umuusad patungo sa pag-abot ng layunin. Ang pamamaraan ng pagsukat sa partikular na resulta o layunin ay dapat klaro at kauna-unawa para sa lahat ng kasapi ng workers' OSH committee. Halimbawa, kung ang layunin ay magpataas ng kaalaman sa mga manggagawa tungkol sa kahalagahan ng bakuna, masusukat ito sa bilang ng webinar na nailunsad ng workers' OSH committee at sa bilang ng mga kalahok sa bawat webinar.

- **Attainable** ang isang layunin kung maaabot ito sa isang takdang panahon. Mahalaga para sa komite o unyon na magkaroon ng maaabot na mga plano't layunin. Kung masyado mahirap abutin ang mga layunin, magiging mahirap ring panatilihin masigasig ang mga kasaping kumilos para abutin ang mga ito. Iba pa ang vision ng komite dahil tumutukoy naman ito sa mga long-term o pangmatagalang pagbabagong gusto natin. Kapag nagpaplano at nagtatakda ng mga layunin, mahalaga ring tingnan ang kakayahan ng komite at rekurso sa pagkamit ng mga ito.
- Kaugnay ng Attainable ang **Realistic** na mga layunin. Ibig sabihin, naisaalang-alang na ang iba pang salik (factor) na makaaapekto sa mga plano at inaasahang resulta. Ibig sabihin, nakita na ang rekurso (oras, pondo, tao, kasanayan) at iba pang panlabas na salik na makaaapekto sa resulta. Halimbawa, kung ang isa sa mga layunin ng workers' OSH committee ay makipagnegosasyon sa management para sa paid quarantine leave ng manggagawa, mas realistic ito kung may unyon na sa kumpanya. Mas mahihirapan ang workers' OSH committee na makipagnegosasyon kung wala pang nakatayong unyon, ngunit maaari siyang makahanap ng iba pang paraan tulad ng pagsusulat ng petisyon sa management.
- **Time-bound** ang objective kung may partikular na panahon o deadline para maabot ang layunin. Kung walang due date o tiyak at malinaw na timeline, walang urgency (kakagyatan) na kamtin ang layunin.



## HAND-OUT 7.2 PAGPAPAUNLAD SA EPEKTIBIDAD NG WORKERS' OSH COMMITTEE: ILANG TIPS

Tiyaking may sapat na pagsasanay ang lahat ng kasapi para maging epektibong ang paggampan ng mga tungkulin sa komite.

- Magkasundo sa mga guideline para sa epektibong komunikasyon at paggalang sa mga kasapi ng komite.
- Magtakda ng mga proseso para sa mga manggaagwa na iulat ang mga hazard at magmungkahi ng mga safety improvement sa komite nang walang takot. Tiyakin na lahat ng kasapi ng komite ay may akses sa lugar-paggawa at sa lahat ng kaukulang impormasyong kailangan sa paggampan ng tungkulin.
- Maghanda bago magdaos ng pulong. Ipadala ang agenda at iba pang kaukulang impormasyon ng komite sa mga kasapi at sangkot na partido nang di bababa sa limang araw bago ang pulong.
- Magpaunlad ng tracking system para mamonitor ng komite ang pag-usad ng mga usapin sa kaligtasan
- Maglunsad ng mga regular na ronda-inspeksyon para magtukoy ng posibleng mga safety and health hazard.

### DAGDAG NA SANGGUNIAN

- A section of Module 4 of ITUC Lead Organiser's Training Course discusses on what are SMART objectives and effective management which can be applied to workers-led OSH committee url: [https://www.ituc-csi.org/IMG/pdf/ituc\\_course\\_book\\_final\\_en\\_web.pdf](https://www.ituc-csi.org/IMG/pdf/ituc_course_book_final_en_web.pdf)

# REFERENCES

Department of Labor and Employment (2021). Labor Laws Compliance Report as of September 2021. Submitted to the House of Representatives, Philippines.

Department of Labor and Employment (2021). Report on Workplace COVID-19 Prevention and Control Compliance Report as of September 2021. Submitted to the House of Representatives, Philippines.

National Council for Occupational Health. Roles of Health and Safety Committees. [https://www.coshnetwork.org/sites/default/files/supp\\_healthsafety\\_hndt.pdf](https://www.coshnetwork.org/sites/default/files/supp_healthsafety_hndt.pdf). Accessed 03 October 2021.

IndustriALL Global Union (No date). Right to Refuse or Shut Down Unsafe Work. url: [http://admin.industrialall-union.org/sites/default/files/uploads/documents/Covid-19/right\\_to\\_refuse\\_eng.pdf](http://admin.industrialall-union.org/sites/default/files/uploads/documents/Covid-19/right_to_refuse_eng.pdf). Accessed Sept. 28, 2021

International Labour Organization - Office of the Caribbean. "OSH Brief No. 2. An Introduction to Hazard Identification and Risk Management." [https://www.ilo.org/wcmsp5/groups/public/-americas/-ro-lima/-sro-port\\_of\\_spain/documents/presentation/wcms\\_250189.pdf](https://www.ilo.org/wcmsp5/groups/public/-americas/-ro-lima/-sro-port_of_spain/documents/presentation/wcms_250189.pdf). Accessed 17 October 2021

International Trade Union Confederation (2014). *Lead Organiser's Course*. url. [https://www.ituc-csi.org/IMG/pdf/ituc\\_course\\_book\\_final\\_en\\_web.pdf](https://www.ituc-csi.org/IMG/pdf/ituc_course_book_final_en_web.pdf). Accessed October 18, 2021.

The Occupational Safety and Health (OSH) Standards Law of 2018 (Republic Act 11058). <https://www.officialgazette.gov.ph/downloads/2018/08aug/20180817-RA-11058-RRD.pdf>. Accessed 30 September 2021.







MODYUL SA PAGSASANAY

## **Pagbubuo ng mga Workers' OSH Committee sa mga Kumpanya ng Electronics Sa Gitna ng Pandemya**

Oktubre 2021